NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

LIWAYWAY

Disyembre 17, 2018

NOBELA

HIGIT NA MATIBAY

Ni ARMANDO T. JAVIER

MAIKLING KUWENTO

ANG KAHILINGAN NI LOLO QUINTIN

Ni ALEX ARETA

TULA

SULSI

Ni RODA TAJON

Maymay Entrata

MANILA BULLETIN

ISSN 1656-96-14

P25

Upang mangkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

AGRIKULTURA

Ni ZAC B. SARIAN

Ang mabungang Miracle Fruit.

Bote na naglalaman ng 30 tableta, nagkakahalaga ng P700.

Tabletang Miracle Fruit.

Tungkol Sa Tabletang Miracle Fruit At Cherimoya

KAMAKAILAN, dumalo kami sa *agri trade fair* sa Kaohsiung, Taiwan. Isa sa nakatawag pansin sa amin ay ang Miracle Fruit na ginawang tableta. Nakatawag pansin din sa amin ang Cherimoya dahil kamakailan lamang ay pinitas at natikman namin ang unang bunga ng Cherimoya sa aming *farm* sa Teresa, Rizal.

Ang tinatawag na Miracle Fruit o Miracle Berry ay matagal nang nandito sa ating bansa. Pero kadalasan, ito ay itinatanim lamang nang pakonti-konti dahil sa mahiwagang nagagawa nito kung namnamin ang manipis na laman nito. Pagkatapos mong nguyain ang manipis na nakabalot sa buto, anumang maasim na kakainin mo pagkatapos ay maglalasang matamis. Halimbawa, ang katas ng kalamansi na napakaasim ay magiging matamis.

Doon sa Taiwan, ginawang tableta ang Miracle Fruit ng Sen Yuh Farm Science Co. Ang epekto ng tableta kung kainin ay pareho rin sa epekto ng sariwang bunga. Magiging matamis ang maasim na isusunod mong kakainin sa loob ng 30 minuto.

Si Claire Chung at Cherimoya mula sa Taitung, Taiwan.

Cherimoya na napitas sa Serian Farm sa Teresa, Rizal.

Dito sa ating bansa, isa lamang propesor ang gumagawa ng Miracle Fruit *wine* bilang pangkomersiyal. Masarap naman ang *wine* na gawa ni Dr. Domingo Angeles ng UP Los Baños.

Brosyur ng Sen Yuh Science Co. tungkol sa Miracle Fruit na tableta.

May malaking bentahe ang ginawang tableta. Una, ito ay puwede ikonsumo ng anumang edad, pati bata. Magaan ito kaya hindi magastos kung ipadala sa malalayong lugar kagaya ng ibang bansa.

Sa paggamit ng tabletang Miracle Fruit, maiiwasan ang sobrang pagkonsumo ng karaniwang asukal sa ating mga pagkain. Ang sobrang pagkain ng asukal ay masama sa kalusugan, lalo na sa mga dayabetiko. Ang Miracle Fruit ay hindi asukal, nababago lamang ang panlasa. Hindi nakapipinsala sa kalusugan.

Mainam sa mga bata na tamad kumain ng gulay at iba pang pagkain na hindi nagugustuhan ng mga bulilit. Kung sila ay pakakainin muna ng tableta bago kumain, masasarapan sila sa pagkain.

Mainam din daw para sa mga palaging nagsasalita sapagkat nagpoprodyus ng laway na makapagbubuti sa pagsasalita. Para sa mga manginginom ng alak ay mabuti rin ang tableta. Mababawasan daw ng asim at pait ang alak kung kumain muna ng tableta bago uminom.

Sa mga matatanda na nawawalan na ng ganang kumain sapagkat nababawasan ang kanilang panlasa ay maigi rin ito.

CHERIMOYA – Nakatawag pansin sa amin ang Cherimoya na nakadispley sa *exhibit* sapagkat bago kami lumuwas papuntang Taiwan, kinain namin ang kauna-unahang bunga ng aming Cherimoya sa aming *farm* sa Teresa, Rizal. Doon daw sa Taitung County ang pinanggagalingan ng magagandang bunga ng Cherimoya.

Masarap ang Cherimoya. Matamis, pino ang laman at makatas. Malaki rin ang bunga. Sa amin sa Teresa, tumimbang ng 300 gramo ang aming pinitas sa punong may apat nang taon. Pero may mas malalaki pa sa Taiwan. May umaabot ng mahigit na kalahating kilo ang isa.

Ibinalita ni Ed Cañuto ng Iloilo na mayroon daw silang 12 punong Cherimoya na may limang taon na. Marami na raw silang napipitas at *enjoy* sila. Galing lang sa buto ng kinain niya sa San Diego, California ang itinanim. Ibig sabihin, puwede rin tayong makapagtanim ng Cherimoya rito sa ating bansa.

Mayroon lamang disbentahe ang Cherimoya. Masyadong maiksi ang *shelf life* nito. Pagkatapos lamang ng tatlong araw pagkahinog ay hindi na maganda ang itsura. Ganoon pa man, maigi rin subuking itanim ito maski pansarili lamang.

Ang Kahilingan...

(Mula sa pahina 15)

"Pasensiya na ho. Aso ho ito..."

"'Yun na nga, aso 'yan. Ang dapat sa aso, nasa labas ng bahay. Hindi 'yung kahalubilo natin dito sa loob. Kung saan-saan 'yan nakakarating... hanggang sa kusina, gumagala. Kahit hindi natin nakikita, lumilipad ang balahibo n'yan at sumasama sa ating pagkain."

"*Pet* ho ito ng inyong apo. Magtatampo 'yung bata pag nalaman niyang sinaktan n'yo ang alaga niya."

"Anong tampo?" anitong tila walang pakialam. "Ipaliwanag mo d'yan sa anak ninyo, akin pa rin ang bahay na ito. Salita ko pa rin ang dapat mangibabaw dito!"

Sa salitang iyon nasaktan nang husto si Aileen. Nabasa niya ang malinaw na ibig sabihin sa gitna ng mga linya. Na sila – sila ng kanyang asawa at anak na si Irish, nakikitira lang sila roon. Na dapat, manahimik na lamang siya kapag nagagalit ang kanyang itay.

Umiyak siya kay Nonito. "Masakit magsalita ang itay. Baka nakakalimutan niya, pinakiusapan lang ako ng mga kapatid ko na dito tayo tumira nu'ng ikakasal pa lang tayo. Ano kaya maghanap ka ng mauupahang bahay sa bayan!"

"Huwag kang gumagawa ng desisyon pag galit ka," malumanay na payo ng asawa sa kanya. "Kumalma ka muna, mag-isip. Pag kalmado ka na, saka mo tantiyahin ang sarili mo. Kaya mo bang iwang mag-isa rito ang itay mo?"

"Nakakasakit siya ng kalooban, eh... Kung magsalita siya, hindi niya iniisip kung ano ang magiging damdamin ng anak niya."

Isang araw, dumating ang kanyang Ate Cita at may himig ng panunumbat ang salita nito.

"Aileen, bakit pinapabayaan mo ang tatay natin?"

Nangunot ang kanyang noo, nagtaka. "Sino'ng may sabi na pinabayaan ko ang tatay natin?"

"May nakakarating na balita sa 'kin, sa karinderya pa raw diyan sa may labasan kumakain si Itay! Bakit, malaking karagdagan ba sa *budget* ninyo kung kasama sa pagluluto mo ang pagkain ng tatay natin?"

Medyo umigting ang boses niya. "Ate Cita, h'wag ka namang magsalita ng ganyan. Umaga, tanghali, hapunan... laging kasahog ang itay sa pagluluto ko. At ang totoo, kami ang nag-a-*adjust* sa pagkaing inihahanda ko."

"Ano'ng ibig mong sabihin... paanong nag-a-*adjust* kayo?"

"Mataas ang *cholesterol* ng itay... may *highblood* siya. Kaya hindi na ako nagluluto ng karneng baboy dito sa bahay! 'Yun ang sabi ng duktor niya, di ba? Huwag na raw natin siyang pakakainin ng karneng baboy. Pag nagkarne kami, *chicken* lang. At inaalis ko pa ang balat. Madalas, naka-isda kami. O kaya, gulay. Kung gusto mong makita, halika sa kusina. Tingnan mo ang dami kong niluto."

Bumaba ang tono ng panganay niyang kapatid. "Kasi..."

"Kasi'y ano?"

"Madalas nga raw nakikitang kumakain si itay sa karinderya diyan sa labasan. At kung di raw paksiw na pata ang ulam... sisig daw. O kaya sinigang na baboy."

"Hindi ko 'yun alam, ate. Hindi ko nababantayan ang kilos ng itay pag nasa labas siya."

"Pagsasabihan mo ang itay..."

"Kung gusto mo, ikaw ang magsalita sa kanya. Pag ako, baka masinghalan na naman ako. Nag-iba na ang ugali ng itay. Mainitin ang ulo niya. Pati nga aso namin na ke liit-liit, pinapatulan."

Ilang ulit din niyang sinabi sa mga kapatid na lumipat na lang ang mga ito sa matandang bahay at mangungupahan na lamang sila sa bayan. Ayaw pumayag ng mga ito. Siya na raw ang nakasanayang kasama ng kanilang itay sa bahay, kaya huwag na nilang baguhin ang sistema.

Nabasag ang boses niya. "Madalas ninyong sabihin noon, suwerte ako dahil sa akin maiiwan itong matandang bahay. Hindi n'yo lang alam ang sakripisyo ko ngayon. Ako ang

(Sundan sa pahina 24)

COVER STORY

Maymay Entrata, nagpakitang gilas sa pagrampa sa Dubai

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

HATAW *to the max* si Maymay Entrata bilang kauna-unahang Pinay na rumampa sa prestihiyosong Arab Fashion *week*. Aminado ang Pinoy Big Brother Lucky Season 7 Big Winner na *dream come true* sa kanya ang pagrampa sa *runway* kasama ng mga tanyag na modelo.

Naganap ito *last* November 21 sa Amato Couture's Pre-Fall 2019 *fashion show* sa Dubai Design District. Ayon sa 21 *year old* na dalaga, hindi raw siya makapaniwala talaga sa nangyaring pagrampa niya.

Pinasamalatan ni Maymay sina Josh Yugen, Furne One, at ang Amato Couture *family*. Si Furne ay isang Dubai-*based* Filipino *fashion designer* at ang *founder/creative director* ng Amato Couture.

"Talagang grabe, binigyan nila... mas naging makulay iyong buhay ko.

Iyong *side* na *modelling*, ang hirap kasi-*i-achieve* niyon," saad ni Maymay sa isang panayam.

Ayon sa obserbasyon, sopistikadang rumampa ang aktres at nakipagsabayan sa mga batikang modelo. Kapansin-pansin din na animo si Maymay ang naging *highlight* ng *designs* ni Furne lalo na at sa kanya lagi ito nakasentro.

Maging nang ipakilala si Furne ay kasama niya si Maymay na rumampa sa *runway*. Kaya talagang pinaramdam ng Filipino *designer* ang pagiging espesyal ni Maymay.

Kaya naman *proud* na *proud* ang maraming kababayan kay Maymay. Maging ang ka-*loveteam* na si Edward Barbers ay *proud* sa kanya. *Full-support* talaga si Edward kay Maymay dahil nagpunta pa ang tisoy na aktor sa Dubai, kasama ang kapatid na si Laura.

Kabilang sa mga binihisan ng Dubai-*based designer* ang ilang *international superstars* tulad nina Beyonce, Ariana Grande, Britney Spears, Jennifer Lopez, Katy Perry at Nicki Minaj.

Ipinahayag din ng Kapamilya aktres na hindi siya makapaniwala sa mga kaganapang ito, animo nananaginip daw siya nang gising. Noong nasa kolehiyo raw kasi siya, pangarap ni Maymay na maging unang Next Top Model sa *school* nila, gusto niya raw iyon dahil kahit matalo ay may may *consolation prize* pa rin.

Pero wala raw nangyari sa kanya at parang nawalan siya nang pag-asang maisakatuparan pa ang pangarap niyang iyon.

Kahit daw noong nag-artista na si Maymay ay naiisip pa rin niya ito. "Nandoon pa rin siya, isa pa rin siya sa mga pangarap ko. Hindi ko lang akalain na bigla siyang darating na naman sa buhay ko," esplika pa niya.

Nagbalik-tanaw rin si Maymay habang rumarampa siya sa naturang *event*. Habang lumalakad daw siya, parang nag-*flashback* ang mga pinagdaanan niya nang nangangarap pa siyang pumasok bilang modelo.

Pero hindi siya nakakapasok dahil sa rami ng pagsubok tulad ng wala siyang perang pang-*workshop* o pang-*training*. "Nag-*training* lang ako sa sarili ko, nanonood lang ako ng mga *videos*," sambit pa niya.

Idinagdag pa ni Maymay na ang mga suportang natanggap niya sa kanyang pamilya, mga kaibigan, at *fans* ang nakatulong para mapaglabanan ang kanyang nararamdamang kaba nang nasa *backstage* pa.

Nang rumampa na raw siya, hindi na kinabahan si Maymay. Dahil handa siya at malinaw sa kanya ang dapat gawin.

Samantala, si Maymay ay bahagi rin ng *casts* ng MMFF 2018 *entry* na *Fantastica* na pinagbibidahan nina Vice Ganda, Dingdong Dantes, at Richard Gutierrez. Kasama rin dito sina Bela Padilla, Edward Barber, Loisa Andalio, Ronnie Alonte, Kisses Delavin, Donny Pangilinan, at Jaclyn Jose.

SHOWBIZ

Ruben Soriquez, saludo kay Steven Seagal

Ni NONIE V. NICASIO

NAGKAROON ng espesyal na pagtatanghal ang pelikulang *The Lease* sa 21st *edition* ng Cine Europa Filmfest na ginanap sa Cinematheque Manila sa FDCP noong November 20-25. Ang pelikulang pinagbibidahan nina Ruben Soriquez at Garie Concepcion ay nagkaroon din ng *screening* sa Shangrila Cineplex mula December 7-16.

Karamihan ng mga pelikula ng *acclaimed* Italian *actor-director* na si Ruben ay siya mismo ang aktor at direktor. Pero sa pelikulang The Lease, ang Italian *director* na si Paolo Bertola ang namahala rito.

Ayon kay Ruben, nag-*enjoy* siya sa kanyang papel dito bilang aktor lang na hindi na nag-alala pa sa kung saan ang magandang posisyon ng kamera at iba pang bagay-bagay ukol sa produksiyon ng kanilang pelikula.

Nag-*enjoy* naman daw siya sa ginawa nila lalo't unang pagkakataon lang niyang sumabak sa *horror movie*.

Habang ginagawa ang pelikula, inamin ni Direk Ruben na nakaramdam sila ng kakaiba sa lugar na kanilang pinag-*shooting*-an.

"*We shot in a haunted house and not only me, other people in the production team, they felt the presence and also the noise*," saad niya na idinagdag pang kahit ang *leading lady* niyang si Garie ay nakaramdam ng kakaiba sa lugar na iyon.

Ang tema ng pelikulang ito na base sa nobela ni Mario Alaman ay isang *psycho-horror*. Tiniyak naman ni Direk Ruben na ang kanilang pelikula ay maghahatid ng kakaibang *horror experience* sa *moviegoers*.

Ayon pa sa kanya, *indie film* man ang The Lease ay pang-*mainstream* naman daw ang tipo nito. Nakakatakot na kargado ng mga eksenang punong-puno ng *suspense* ang nasabing pelikula.

Samantala, si Direk Ruben ay mapapanood din sa *forthcoming movie titled The Spiders' Man*, isang *black comedy* hinggil sa *autism and family ties* na ang ilang eksena ay kinunan pa sa Italy. Kasama ni Direk Ruben dito sina Richard Quan, Jeffrey Tam, Lee O'Brian, Rob Sy, Red Ibasco, at ang misis niyang si Lanie Gumarang. Plano niyang isumite ito sa mga *international film festival*.

Bukod sa mga pelikulang tinatampukan niya, kasali rin si Direk Ruben sa *international* TV *series* na *General Commander* na pinagbibidahan ng Hollywood *star* na si Steven Seagal.

Nabanggit niya na ang papel sa seryeng ito ay bilang si Santino Amato, ang kanang kamay ni Orsini na isang *big* Italian *mafia boss* na ginagampanan ng kilalang Italian *actor* na si Edoardo Costa.

Kontrabida ang kanyang ginagampanang *role* rito, kaya panibagong *challenge* ito sa kanya bilang aktor.

Larawang kuha ni Wilson Fernandez

Ayon pa kay Direk Ruben, ang *episodes three* hanggang *six* ay kukunan sa Italy, Russia, at iba pang European *countries*.

Ikinuwento rin niya nang pahapyaw ang takbo ng istorya nito at ang *role* ng bidang si Steven.

Pahayag niya, "Sa 'General Commander,' si Steven Seagal ay si Jake Alexander na isang *former agent who puts up a team* upang labanan ang mga pangunahing kriminal sa mundo."

Idinagdag pa niyang ito ay isang maaksiyong TV *series* na sobrang ganda raw ng mga *action scenes* na mapapanood dito. Ipinagmamalaki pa niya na pang-Hollywood talaga ang mga makikita o mapapanood na eksena ng *televiewers* sa kanilang TV *series*. Kaya kakaiba raw talaga ang bagong handog na ito ni Steven.

Ipinahayag din niya ang pagkabilib sa bida ritong American *action star* na si Steven.

"Mabait siya sa *set*, ngunit mahirap na lumapit dahil sa *four bodyguards* niya na laging sa kanya ang nakatabi. At ang *production, they didn't allow any picture taking* kay Steven.

"Pero masasabi ko na magaling siya at siyempre, siya ay napakapropesyonal *and almost good, the first take*, lagi," wika pa ni direk Ruben.